**Journal of Multidisciplinary in Education | ISSN print 3082-5024 e-3082-5237**
**AARRC CONSCRIPTOR PUBLISHING CORP |** Volume 2 |Issue 2| June 20, 2026

**"Emerging Trends and Challenges in Multidisciplinary Education"**

# PAGSUSURI SA PAGGAMIT NG METODONG SIFT SA PAGTUTURO NG MAPANURING PAGBASA AT PANANALIKSIK

**Dhorylyn S. Daligdig, LPT**
San Pedro College of Business Administration
*dorydaligdig@gmail.com*
DOI:10.63305/737700

***Abstract***

*The objective of this research is to determine the effectiveness of the SIFT method as an integration to the subject "Pagbasa at Pagsusuri Sa Iba't Ibang Teksto Tungo Sa Pananaliksik" in developing and enhancing students' capability to assess and evaluate information from the internet. The participants in this study are senior high school students from the ICT, HUMSS, STEM, and ABM strands. The researcher used a pre-test and a post-test to assess students' levels of competence in analysing information.*

*Findings indicated that students improved after integrating the SIFT method into the Filipino subject, resulting in a post-test score of 'excellent'. Students learned to navigate the process of critically assessing information and to recognize the intent behind the context. Additionally, it revealed a significant difference in students' performance across different strands after the integration of the SIFT method. However, after the SIFT method was integrated, there was no significant difference between male and female students. It indicates that the method is not limited to one gender and is equally beneficial to both.*

*Based on these findings, this research concludes that the SIFT method demonstrated positive results among Filipino senior high school students when integrated into the subject "Pagbasa at Pagsusuri Sa Iba't Ibang Teksto Tungo Sa Pananaliksik".*

***Keywords –*** *Filipino, Kritikal na Pagsusuri, Metodong SIFT*

## INTRODUCTION

Sa patuloy na pag-unlad ng teknolohiya sa kasalukuyan at napapadaling pagkalap ng impormasyon sa tulong ng internet at social media, malaking bahagi ito upang mapalaganap ng mabilis ang mga impormasyon patungo sa publiko. Subalit, kasabay ng ebolusyon ng teknolohiya ang hindi makontrol na pag-iral ng disimpormasyon at misimpormasyon na maaring magdulot ng kalituhan sa publiko. Hindi maitatanggi na may kaakibat na suliranin ang pagtiyak at pagkilala sa katotohanan ng mga ito. Nagagamit sa kasalukuyan ang internet upang magpalaganap ng impormasyong walang matibay na pinagmulan, at ang higit na hamon dito ay hindi natutukoy ng tao ang pinagkaiba ng tunay at maling impormasyon.

Ang paglaganap ng disimpormasyon at misimpormasyon ay lalong lumalala dahil sa patuloy na pagdami ng mga gumagamit ng digital platforms at sa pagdami rin ng content na gawa ng

artificial intelligence. Dahil sa pagkakaroon ng hati sa lipunan at politika, pati na ang pagkalat ng maling impormasyon, nagkakaroon ng posibilidad na maging biased ang mga algorithm na ginagamit sa mga platform na ito (World Economic Forum, 2025). Habang ayon sa isang survey ng Social Weather Stations (SWS) na isinagawa ng Stratbase Group, karamihan sa mga Pilipino (59%) ay itinuturing na seryosong problema ang fake news sa midya at internet. Samantala, 20% ang hindi naniniwalang seryoso ito, at 21% naman ang walang katiyakan (Olano, 2025). Karagdagan, sa naging pag-aaral ni Nicolas (2025) ay lumabas na may katamtamang kakayahan sa *media literacy* ang mga mag-aaral subalit nahihirapang silang matukoy ang katotohanan ng pinagkunang impormasyon, kredibilidad ng manunulat nito, at ang pinagkaiba ng totoong impormasyon sa opinyon lamang.

Ganoon din ang lumabas sa ilang pag-aaral, kung saan sinasabi na hindi sinisiyasat ng mga mag-aaral sa high school ang kalidad at kredibilidad ng isang impormasyon at basta na lamang tinatanggap ng walang pag-aalinlangan. Ipinaghahalo nila ang tradisyunal na pagsasaliksik, na binubuo ng malalimang paghahanap ng impormasyon, sa mababaw na proseso. Sa pag-aaral na ito, kalimitan sa mga mag-aaral ay gumagamit ng Google, Wikipedia, at iba pang online na encyclopedia. Halos kalahati ng mga mag-aaral na nagsusuri ay gumagamit ng YouTube at iba pang social media sites para makakuha ng impormasyon, at kuntento na sa kaunting paghahanap lamang. Mas nakikita ng mga mag-aaral na nakakatulong ang pagtatanong sa kanilang mga kaklase o pagkonsulta sa mga search engine at social media kaysa sa tulong ng silid-aklatan at mga research databases. Hindi naglalaan ng oras ang mga estudyante upang suriin at kuwestyunin ang katotohanan at kredibilidad ng isang impormasyon bago ito tanggapin o gamitin (Abu-Fadil et al., mula sa pag-aaral nina El Rayess et al., 2017).

Kung kaya't sa usapin ng edukasyon ay mahalagang pagtuonan ng pansin ang paglinang sa kasanayan ng mag-aaral sa pagsusuri at pagtukoy sa katotohanan ng impormasyon at teksto. Ang kasalukuyang henerasyon ay humaharap patungo sa patuloy na pag-unlad ng teknolohiya, mahalagang mabigyang-diin pa ng husto ang kasanayang ito bilang kahandaan sa pag-iral na hamon sa impormasyon sa kasalukuyan.

Bilang asignaturang Pagbasa at Pagsusuri Sa Ibat Ibang Teksto Tungo Sa Pananaliksik ay naglalayon na mahasa ang

kasanayan ng mga mag-aaral sa kritikal na pagbabasa, pagsusuri, pagsulat ng iba't ibang teksto. Ito rin ay nakapokus sa pagpapayabong ng kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral gaya ng panunuring diskorsal at istratedyik (Sicat-De Laza, 2016). Kung kaya ang pag-aaral na ito ay naglalayon na magkaroon ng integrasyon ng metodong SIFT upang makita ang kasanayang mahuhubog sa mga mag-aaral pagdating sa pagsasaliksik, pagsusuri, paghahanap ng iba't ibang batayan o sanggunian, at hindi agarang paniwalaan ang anumang impormasyong makikita lamang sa internet.

Ang metodong SIFT ay binuo ni Mike Caulfield upang maging isang metodo sa pagtuturo upang masuri ang katiyakan at kredibilidad ng impormasyon na magmumula sa internet. Ang SIFT ay isang acronym na nangangahulugang: Stop, Investigate, Find, at Trace. Dito kailangan pag-isipan muna bago magbigay reaksyon at siyasatin ang pinagmulan ng impormasyon. Maghanap ng maasahan at sanggunian o ulat. Alamin ang orihinal na konteksto ng isang impormasyon.

Samakatuwid, nilalayon ng pag-aaral na ito na hindi lamang matukoy ang pekeng balita kundi maging likas na tunguhan at kasanayan ang metodo sa anumang uri ng impormasyong makikita sa internet. Magamit at matukoy ang kabisaan nito sa pagsusuri sa katutuhanan gayundin sa paghasa sa kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral, upang kwestuyinin ang isang impormasyon bago magkaroon ng agarang hatol patungkol dito. Gayundin sa paraan upang magkaroon ng hakbang at batayan ang mga mag-aaral sa kritikal at progresibong pagsusuri ng mga impormasyon makikita at makukuha sa internet.

## Objectives of the Study

Pangkalahatang layunin ng pag-aaral na ito na magamit at matukoy ang kabisaan ng metodong SIFT sa pagsusuri sa katotohanan gayundin sa paghasa sa kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral, upang kwestyunin ang isang impormasyon bago magkaroon ng agarang hatol patungkol dito. Ang pananaliksik na ito ay naglalayong matugunan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang demograpikong profayl ng mga mag-aaral batay sa kanilang:
    1.1 Istrand; at
    1.2 Kasarian?
2. Ano ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng impormasyon bago at pagkatapos ng integrasyon ng metodong SIFT batay sa;
    2.1 Pag-iisip at pagkilala bago magtiwala sa impormasyon;

2.2 Pagsusuri sa pinagmulan ng impormasyon;
2.3 Paghahanap ng mas maaasahang sanggunian; at
2.4 Pagsusuri sa orihinal na konteksto

3. May makabuluhan bang pagkakaiba ang resulta ng mga mag-aaral batay sa kanilang istrand matapos ang integrasyon ng metodong SIFT?
4. May makabuluhan bang pagkakaiba ang resulta ng mga mag-aaral batay sa kanilang kasarian matapos ang integrasyon ng metodong SIFT?
5. May makabuluhan bang pagkakaiba ang resulta sa paunang pagsusulit at panghuling pagsusulit ng mag-aaral matapos ang integrasyon ng metodong SIFT?
6. Gaano kaepektibo ang metodong SIFT sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng impormasyon?

## METHODOLOGY

Paraang deskriptib-ebaluwatib ang ginamit ng mananaliksik upang matukoy ang antas na kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng impormasyon at bisa ng integrasyon ng metodong SIFT sa pagtuturo ng Pagbasa at Pagsusuri Sa Ibat Ibang Teksto Tungo Sa Pananaliksik.

Ang mga respondente sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral ng ika-11 baitang na kumukuha ng asignaturang "Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik" at nasa istrand na ICT, ABM, HUMMS at STEM. Mayroong kabuuang bilang na isang daan at apat. Ang mananaliksik ay gumamit ng *purposive sampling* sa pag-aaral batay sa kaangkupan ng mga mag-aaral at tugma sa pamantayan na hinahanap sa pananaliksik.

Gumamit ang mananaliksik ng pauna at panghuling pagsusulit upang malaman ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng impormasyon. Ang ginamit sa pagsusulit ay binuo at ginawa ng mananaliksik na nakabatay sa metodong SIFT. Isinangguni ito sa mga propesor sa Filipino upang masiguro ang kawastuhan ng pagsusulit.

## RESULTS AND DISCUSSION

**Talahanayan 1**
Demograpikong Profayl ng mga Mag-aaral Batay sa Istrand

| ISTRAND | FREQUENCY | PERCENTAGE | RANK |
|---|---|---|---|
| HUMSS | 17 | 16.30 % | 3 |
| ABM | 37 | 35.60 % | 2 |
| STEM | 39 | 37.50 % | 1 |
| ICT | 11 | 10.60 % | 4 |
| TOTAL | 104 | 100 % | |

Ipinapakita ng Talahanayan 1 ang distribusyon ng mga mag-aaral ng baitang

**Journal of Multidisciplinary in Education** | **ISSN print 3082-5024 e-3082-5237**
**AARRC CONSCRIPTOR PUBLISHING CORP** | Volume 2 |Issue 2| June 20, 2026

**"Emerging Trends and Challenges in Multidisciplinary Education"**

11 ayon sa kanilang akademikong istrand. Mula sa 104 na respondente, pinakamataas ang bilang mula sa STEM (n = 39, 37.50%), na sinundan ng ABM (n = 37, 35.60%). Ang HUMSS ay bumubuo ng 16.30% (n = 17), samantalang ang ICT ang may pinakamababang representasyon na 10.60% (n = 11).

**Talahanayan 2**
Demograpikong Profayl ng mga Mag-aaral Batay sa Kanilang Kasarian

| KASARIAN | FREQUENCY | PERCENTAGE | RANK |
|---|---|---|---|
| Lalaki | 29 | 27.90 % | 2 |
| Babae | 75 | 72.10 % | 1 |
| **TOTAL** | **104** | **100 %** | |

Ipinapakita naman sa Talahanayan 2 ang distribusyon ng mga mag-aaral ayon sa kanilang kasarian. Mula sa kabuuang 104 na respondente, 75 ay babae (72.10%) at 29 ay lalaki (27.90%).

**Talahanayan 3**
Ang Antas ng Kakayahan ng mga Mag-aaral sa Pagsusuri ng Impormasyon Bago at Pagkatapos Ituro ang Metodong SIFT

| Variables | Pagsusulit | Mean | Std dev. | MPS Deskriptibong Interpretasyon | Five Number Summary | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | Min | Q1 | Q2 | Q3 | Max |
| (S) Pag-iisip at pagkilala bago magtiwala sa impormasyon | Pauna | 2.17 | 1.14 | Katamtaman | 1 | 2 | 3 | 4 | 4 |
| | Panghuli | 4.21 | 1.10 | Napakahusay | 1 | 4 | 5 | 5 | 5 |
| (I) Pagsusuri sa pinagmulan ng impormasyon | Pauna | 2.54 | 0.98 | Katamtaman | 1 | 2 | 3 | 3 | 4 |
| | Panghuli | 4.04 | 0.90 | Napakahusay | 1 | 3 | 4 | 5 | 5 |
| (F) Paghahanap ng mas maaasahang sanggunian | Pauna | 2.43 | 1.07 | Katamtaman | 0 | 2 | 3 | 3 | 4 |
| | Panghuli | 3.94 | 0.92 | Napakahusay | 1 | 3 | 4 | 5 | 5 |
| (T) Pagsusuri sa orihinal na konteksto | Pauna | 2.50 | 1.12 | Katamtaman | 0 | 2 | 3 | 3 | 5 |
| | Panghuli | 4.13 | 0.88 | Napakahusay | 2 | 3 | 4 | 5 | 5 |
| **Pangkalahatang Pagsusuri** | **Pauna** | **10.20** | **3.30** | **Katamtaman** | **3** | **8** | **10** | **13** | **16** |
| | **Panghuli** | **16.30** | **2.84** | **Napakahusay** | **9** | **15** | **16** | **19** | **20** |

*Legend: 4.1-5 or 17-20 = Napakahusay 3.1-4 or 13-16 = Mahusay; 2.1- 3 or 9-12 = Katamtaman; 1.1-2 or 5–8 = Di-gaanong mahusay; 1 or 0 – 4 = Hindi mahusay.*

Sa bahagi ng talahanayan 3, maikita ang ***(S) Pag-iisip at pagkilala bago magtiwala sa impormasyon,*** kung saan lumabas sa datos na ang paunang pagsusulit ay may mean na 2.71 at SD = 1.14, na nagpapakita ng katamtamang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-iisip at pag-iingat bago maniwala sa impormasyon. Ipinahihiwatig ng mean na ito na bago pa man ituro ang SIFT, ang mga mag-aaral ay hindi pa ganap na nagsasagawa ng kritikal na pag iisip at masusing pagsusuri bago tanggapin ang mga impormasyong nakukuha nila online. Samantala, ang panghuling pagsusulit ay nagtala ng mean na 4.21 at SD = 1.10, na malinaw na nagpapakita ng mataas hanggang napakataas na antas ng kasanayan

Sa bahagi naman ng ***(I) Pagsusuri sa pinagmulan ng impormasyon,*** lumabas sa datos ng paunang pagsusulit ang mean na 2.54 at SD = 0.975, na nagpapakita ng katamtamang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral na tukuyin kung mapagkakatiwalaan ang pinanggalingan ng isang impormasyon.

Nagpapahiwatig ito na bago pa ipaturo ang SIFT, karamihan sa mga mag aaral ay hindi pa lubos na nagsasagawa ng masusing pagsusuri sa kredibilidad ng awtor, website, o pinagmulan ng

impormasyon. Samantala, ang panghuling pagsusulit ay nagtala ng mean na 4.04 at SD = 0.902, na nagpapakita ng mataas na antas ng kasanayan.

Sa ***(F) Paghahanap ng mas maaasahang sanggunian***, lumabas na ang mean sa paunang pagsusulit ay 2.43 at SD na 1.068, na nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay nasa katamtamang antas lamang sa kakayahang humanap ng tunay na sanggunian bago maisagawa ang integrasyon. Ipinahihiwatig nito na bago ang pagtuturo ng SIFT, limitado ang kanilang kakayahan sa paghanap ng mga mapagkakatiwalaang impormasyon, at kadalasang umaasa lamang sila sa mga madaling puntahang sources gaya ng Google at social media. Samantala, ang panghuling pagsusulit ay nagtala ng mean na 3.94 at SD = 0.923, na nagpapakita ng mataas hanggang napakataas na antas ng kasanayan sa paghahanap ng mga maaasahang sanggunian.

Patungkol naman sa ***(T) Pagsusuri sa orihinal na konteksto***, ang paunang pagsusulit nito ay may mean na 2.50 at SD = 1.123, na nagpapakita na ang mga mag aaral ay nasa mababang hanggang katamtamang antas ng kakayahan bago matutuhan ang metodong SIFT.

Ipinahihiwatig nito na bago ituro ang SIFT, ang mga mag aaral ay hindi pa lubos na nagsasagawa ng masusing pagsusuri sa pinagmulan at konteksto ng isang claim—partikular kung saan ito unang lumitaw, paano ito naiulat, at kung mayroong pagbabago sa nilalaman. Samantala, ang panghuling pagsusulit ay nagtala ng mean na 4.13 at mas mababang SD = 0.882, na nagpapakita ng mataas na antas ng kasanayan pagkatapos ng integrasyon.

**Talahanayan 4**

Makabuluhang Pagkakaiba sa Resulta ng mga Mag-aaral Ayon sa Kanilang Istrand Matapos ang Integrasyon ng Metodong SIFT (Kruskal–Wallis Test)

| Variables | Kruskal Wallis | Df | P-Value | Desisyon |
|---|---|---|---|---|
| **Pag-iisip at pagkilala bago magtiwala sa impormasyon.** | 5.80 | 3 | 0.112 | Walang makabuluhang pagkakaiba. |
| **Pagsusuri sa pinagmulan ng impormasyon** | 6.01 | 3 | 0.111 | Walang makabuluhang pagkakaiba. |
| **Paghahanap ng mas maaasahang sanggunian** | 6.53 | 3 | 0.088 | Walang makabuluhang pagkakaiba. |
| **Pagsusuri sa orihinal na konteksto** | 5.43 | 3 | 0.143 | Walang makabuluhang pagkakaiba. |
| **Pangkalahatang Pagsusuri** | **9.20** | **3** | **0.027** | **Mayroong makabuluhang pagkakaiba.** |

Sa Talahanayan 4 ay inilahad ang pagkakaiba ng resulta ng mga mag-aaral ayon sa kanilang istrand matapos ang integrasyon ng metodong SIFT gamit ang Kruskal–Wallis H test. Ipinakita ng pagsusuri na may statistically significant na pagkakaiba sa performance ng mga mag aaral mula sa apat na istrand—HUMSS, ABM, STEM, at ICT—matapos ang

integrasyon. Natuklasan na ang pagkakaiba ay significant, H(3) = 9.20, p = .027, na nagresulta sa pag-reject sa null hypothesis. Ibig sabihin, nagkaroon ng makabuluhang pagkakaiba sa learning gains ng mga mag aaral batay sa kanilang istrand matapos maipinatupad ang metodong SIFT. Ang resulta ay nagpapahiwatig na hindi pare-pareho ang naging epekto ng SIFT sa bawat akademikong grupo; may ilang istrand na nagpakita ng mas mataas na antas ng pag-angat o pag-unlad kumpara sa iba.

**Talahanayan 5**

Pagtukoy sa Istrand Batay sa Pangkalahatang Pagsusuri (Dwass-Steel-Critchlow-Fligner)

| BARYABOL | | W-COMPUTED | P-VALUE | DESISYON | KONKLUSYON |
|---|---|---|---|---|---|
| **HUMSS** | ABM | -2.426 | 0.316 | *Tanggap ang Ho* | Walang makabuluhang pagkakaiba. |
| **HUMSS** | STEM | -3.194 | 0.108 | *Tanggap ang Ho* | Walang makabuluhang pagkakaiba. |
| **HUMSS** | ICT | -3.733 | 0.041 | *Hindi Tanggap ang Ho* | May makabuluhang pagkakaiba. |
| **ABM** | STEM | -0.711 | 0.959 | *Tanggap ang Ho* | Walang makabuluhang pagkakaiba. |
| **ABM** | ICT | -2.623 | 0.248 | *Tanggap ang Ho* | Walang makabuluhang pagkakaiba. |
| **STEM** | ICT | -2.267 | 0.377 | *Tanggap ang Ho* | Walang makabuluhang pagkakaiba. |

Ang Talahanayan 5 ay gumamit ng Dwass-Steel-Critchlow-Fligner (DSCF) upang paghambingin at tukuyin ang pagkakaiba sa pagsusuri ng bawat istrand matapos ipatupad ang metodong SIFT. Lumalabas na ang HUMSS at ICT ay may makabuluhang pagkakaiba kung saan ang kanilang w value ay -3.733 at ang kanilang p-value ay 0.41. Samantala, ang HUMSS at ABM ay mayroong W = -2.426 at p = .316, HUMSS at STEM (W = -3.194, p = .108), ABM at STEM (W = -0.711, p = .959), ABM at ICT (W = -2.623, p = .248), at STEM at ICT (W = -2.267, p = .377).

Nagpapakita ito na walang makabuluhang pagkakaiba dahil ang kanilang p-value ay mas mataas sa .05. Ipinapakita lamang nito na ang mga mag-aaral sa strand na ito ay may magkakatulad na antas sa pagsusuri.

**Talahanayan 6**

Pagkakaiba sa Resulta ng mga Mag-aaral Ayon sa Kanilang Kasarian Matapos ang Integrasyon ng Metodong SIFT (Mann–Whitney U Test)

| Test Pair | Mean Difference | Statistic | P-value | Decision | Conclusion |
|---|---|---|---|---|---|
| **Paunang Pagsusulit** | **10.0** | **5460** | **<0.001** | ***Hindi Tanggap ang Ho*** | May makabuluhang pagkakaiba |
| **Panghuling Pagsusulit** | **16.5** | | | | |

Ang Talahanayan 6 ay naglalaman ng pagsusuri kung may makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng mga mag-aaral ayon sa kanilang kasarian matapos ang integrasyon ng metodong SIFT gamit ang Mann–Whitney U Test, isang non parametric test na angkop para ihambing ang dalawang independent groups (lalaki at babae) kapag hindi normal ang distribusyon ng datos. Ayon sa resulta, ang U statistic = 1000 at ang p-value = 0.525,

na higit na mataas sa pamantayang antas ng kahalagahan na α = .05.

Dahil dito, tanggap ang Ho. Ibig sabihin, walang makabuluhang pagkakaiba sa naging performance ng mga mag-aaral na lalaki at babae matapos ang paggamit ng metodong SIFT. Ang resultang ito ay nagpapahiwatig na parehong nakinabang ang dalawang kasarian sa integrasyon at walang ebidensiyang nagsasabing mas epektibo ang SIFT sa isang kasarian kumpara sa iba.

**Talahanayan 7**

Makabuluhang Pagkakaiba sa Paunang Pagsusulit at Panghuling Pagsusulit ng mga Mag-aaral Matapos ang Integrasyon ng Metodong SIFT (Wilcoxon Signed-Rank Test)

| Variables | Mann-Whitney U | Df | P-Value | Konklusyon |
|---|---|---|---|---|
| Pag-iisip at pagkilala bago magtiwala sa impormasyon. | 1064 | 102 | 0.851 | Walang makabuluhang pagkakaiba. |
| Pagsusuri sa pinagmulan ng impormasyon | 920 | 102 | 0.199 | Walang makabuluhang pagkakaiba. |
| Paghahanap ng mas maaasahang sanggunian | 1007 | 102 | 0.541 | Walang makabuluhang pagkakaiba. |
| Pagsusuri sa orihinal na konteksto | 1073 | 102 | 0.914 | Walang makabuluhang pagkakaiba. |
| **Pangkalahatang Pagsusuri** | **1000** | **102** | **0.525** | **Walang makabuluhang pagkakaiba.** |

Ang Talahanayan 7 ay nagpapakita ng pagsusuri sa pagkakaiba sa paunang pagsusulit at panghuling pagsusulit ng mga mag-aaral matapos ang integrasyon ng metodong SIFT gamit ang Wilcoxon Signed Rank Test, isang non parametric test na ginagamit upang suriin ang pagbabago sa parehong grupo kapag hindi normal ang distribusyon ng datos.

Sa resulta ng pagsusuri, lumabas na ang mean difference ay 10.0, na nagpapahiwatig ng makabuluhang pagtaas sa marka ng mga mag-aaral mula pauna patungong panghuling pagsusulit. Naitala ang test statistic (W) = 5460 at ang p-value ay < .001, na mas mababa nang malaki sa itinalagang antas ng kahalagahan na α = .05. Dahil dito, na-reject ang Ho na nangangahulugang may makabuluhang pagkakaiba sa paunang at panghuling pagsusulit ng mga mag aaral. Ipinapakita ng resulta na ang metodong SIFT ay malaki ang naitulong sa pagpapabuti ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng impormasyon.

**Talahanayan 8**

Pagkakaiba sa Paunang Pagsusulit at Panghuling Pagsusulit ng mga Mag-aaral Matapos ang Integrasyon ng Metodong SIFT (Effect Size)

| Test Statistic | N | Effect Size (r) | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Wilcoxon Signed-Rank Test | 104 | 1.000 | Large Effect |

Ipinapakita ng Talahanayan 8 ang effect size ng pagkakaiba sa paunang pagsusulit at panghuling pagsusulit ng mga mag-aaral matapos ang integrasyon ng metodong SIFT gamit ang Wilcoxon Signed

Rank Test. Ang nakuha na effect size r = 1.000 ay maituturing na napakalaki (large effect) batay sa karaniwang pamantayan sa interpretasyon (0.1 = small, 0.3 = medium, 0.5 and above = large). Ang resultang ito ay nagpapahiwatig na ang metodong SIFT ay may malakas at makabuluhang epekto sa pag-unlad ng kakayahan ng mga mag aaral sa pagsusuri ng impormasyon.

## CONCLUSION AND RECOMMENDATION

1. Ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral bago isagawa ang integrasyon ng metodong SIFT sa asignaturang Pagbasa at Pagsusuri tungo sa Pananaliksik ay katamtaman ayon sa naging resulta ng paunang pagsusulit. Nagkaroon ito ng pagbabago matapos ang integrasyon ng metodong SIFT kung saan ayon sa resulta ng panghuling pagsusulit ay kinakitaan ng napakahusay. Ibig sabihin nakatulong ang metodong SIFT upang bigyan ng paunang basa, suriin ang pinagmulan, maghanap ng mga karagdagan at mapagkakatiwalaang sanggunian at tukuyin ang orihinal na konteksto ng impormasyon. Naging kritikal at aktibo ang mga mag-aaral sa proseso ng pagbabasa at pagsulat.

2. Lumabas sa resulta na may makabuluhang pagkakaiba ayon sa performance o kakayahan ng mga mag-aaral mula sa iba't ibang strand matapos ang integrasyon ng metodong SIFT. Ipinapakita lamang nito na mayroong pagbabago at nakatulong ang metodong SIFT sa kakayahan ng mga mag-aaral na magsuri at maging kritikal sa impormasyong kanilang binabasa, subalit may mga istrand na higit na nagpakita ng mas mataas na antas ng pag-unlad kumpara sa iba.

3. Batay sa lumabas na resulta, walang makabuluhang pagkakaiba ang mga mag-aaral na babae at lalaki matapos ang integrasyon ng metodong SIFT. Ibig sabihin, parehas na umunlad ang kasanayan at kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusulit. Ang metodong SIFT ay gender neutral kung saan parehong nitong napapa-unlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng impormasyon na hindi limitado sa kasarian.

4. Inilahad sa resulta ng pag-aaral na ang metodong SIFT ay may mataas at makabuluhang epekto sa paglinang ng kakayahan ng mga mag aaral sa pagsusuri ng impormasyon. Ibig sabihin lamang nito ay nagpakita ng positibong resulta ang metodong SIFT sa mag-aaral na Pilipino at sa konteksto ng paglalapat nito sa asignaturang Filipino.

5. Sa naging resulta ng pag-aaral ay mas nabigyang-diin nito ang kahalagahan ng

pagsusuri ng datos at impormasyon kaugnay sa naging datos ng SWS kung saan 59% ang naniniwalang mapanganib ang dulot ng fake news. Sa pamamagitan ng metodong ito ay matutulungan ang mga mag-aaral na magkaroon ng kakayahan sa pagtukoy at pagsusuri ng impormasyon.

Ayon sa naging kabuuang resulta ng pananaliksik na ito, ang rekomendasyon ay ang mga sumusunod:

1. Para sa mga Mag-aaral. Maaring ipagpatuloy pa ang paggamit ng metodong SIFT upang mapaghusay pa ng husto ang kakayahan sa pagsusuri ng impormasyon. Lubos na makakatulong ang aplikasyon nito hindi lamang sa loob ng paaralan kundi sa pang-araw-araw na pagkonsumo ng impormasyon at babasahin sa internet.
2. Para sa mga Guro sa Asignaturang Filipino. Maaring paigtingin at gamitin ang metodong SIFT bilang bahagi ng pagtuturo sa asignaturang Pagbasa at Pagsusuri tungo sa Pananaliksik upang mapalawak ang kasanayan ng mga mag-aaral sa komprehensibong pagsusuri ng teksto at matukoy ang kredibilidad ng nilalaman ito. Maari ding bumuo ng mga karagdagang aktibidad na nakaugnay sa metodong SIFT upang higit na mahasa at mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsisiyasat ng anumang babasahin bilang kahandaan din sa pagbuo ng pananaliksik, na isa ring bahagi ng asignaturang ito.
3. Para sa Paaralan. Maaring palawigin pa ito ng paaralan sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga bagong edisyon ng mga aklat sa silid-aklatan upang may iba't ibang pagkukunan na sanggunian ang mga mag-aaral bilang bahagi ng kanilang pagsisiyat at pagsusuri. Mahalaga rin ang pagbibigay ng malakas na internet connection upang maging mabilis ang daloy ng pagkakalap at pagsasaliksik ng impormasyon ng mag-aaral na siyang mahalagang bahagi na binibigyang-diin ng metodong SIFT.
4. Para sa mga Susunod na Mananaliksik. Maaring magamit ang pananaliksik na ito bilang sanggunian at batayan ng mga mananaliksik na mayroong kaugnayan sa paggamit ng metodong SIFT o media and information literacy sa konteksto ng asignaturang Filipino at mag-aaral na Pilipino.

## References

El Rayess, M., Chebl, C., Mhanna, J., & Hage, R.-M. (2018). Fake news judgement – The case of undergraduate students at Notre Dame University-Louaize, Lebanon. Reference Services Review. https://doi.org/10.1108/rsr-07-2017-0027

Nicolas, J. W. (2025). *The Era of Fake News: Students' Exposure, Media Literacy, and Responses* | *Journal of Education,*

*Management and Development Studies*. Cspc.Edu.Ph. http://journals.cspc.edu. Ph/index/php/jemds/article/view/378 141

Olano, K. (2025, March 13). Most Filipinos say "fake news" on internet a "serious" problem — SWS | ABS-CBN News. ABS-CBN News. https://www.abs cbn.com/news/nation/2025/3/13/ most-filipinos-say-fake-news-on-internet-a-serious-problem-sws-1240

Sicat - De Laza, C. (2017). *Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik* (Unang edisyon). Rex Printing Company, Inc.

World Economic Forum. (2025). The Global Risks Report 2025 20th Edition. https://reports.weforum.org/ docs/WEF_Global_Risks_Report_2025. pdf